Ebanghelyo ayon kay Lukas 7 : 11 – 17

Isang araw, si Hesus at Kanyang mga alagad ay nagtungo sa bayan ng Nain.
Nang sila'y papasok na sa bayan, nasalubong nila ang isang libing ng kaisa-isang anak na lalaki ng isang babaeng balo. Nang makita ito ni Hesus Siya'y nahabag sa babae. "Huwag ka nang umiyak," sabi Niya sa balo. Inihinto Niya ang prusisyon at sinabi sa bangkay, "Anak, sinasabi Ko sa iyo, bumangon ka!"
Ang lalaki ay biglang umupo at nagsimulang magsalita, ibinalik ni Hesus ang lalaki sa kanyang ina.